Nobyembre 18, 2020 Kautusang
Tagapagpaganap 2020-73

KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP 2020-73
(KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP PARA SA COVID-19 BLG. 69)

Baitang 3 ng Utos ng Pagpapagaan

SAPAGKAT, mula noong unang bahagi ng Marso 2020, ang Illinois ay naharap sa isang pandemya na nagdulot ng pambihirang sakit at pagkawala ng buhay, na dinapuan ang higit sa 600,000, at kinukuha ang buhay ng higit sa 11,000 na mga residente; at,

SAPAGKAT, sa lahat ng oras ngunit lalo na sa isang krisis sa pampublikong kalusugan, ang pangangalaga sa kalusugan at kaligtasan ng mga taga-Illinois ay kabilang sa pinakamahalagang tungkulin ng pamahalaan ng Estado; at,

SAPAGKAT, kritikal na ang mga taga-Illinois na nagkasakit ay may access sa kailangang pangangalaga mula sa mga medikal na propesyunal, kabilang ang mga kama sa ospital, kama sa kwartong pang-emerhensiya, o makina na tulong sa paghinga kung kinakailangan; at,

SAPAGKAT, kritikal din na ang pangangalaga sa kalusugan ng Estado at kawani na unang tumutugon ay may sapat na personal na kagamitan para sa proteksyon (PPE) upang ligtas na gamutin ang mga pasyente, tumugon sa mga sakuna sa pampublikong kalusugan, at maiwasan ang pagkalat ng mga nakakahawang sakit; at,

SAPAGKAT, habang ang Illinois ay tumutugon sa sakuna sa pampublikong kalusugan na dulot ng Coronavirus Disease 2019 (COVID-19), isang bagong malubhang matinding sakit sa respirasyon na kumakalat nang mabilis sa pamamagitan ng mga transmisyon sa respirasyon at nagpapatuloy na walang mabisang paggamot o bakuna, ang pasanin sa mga residente, tagabigay ng pangangalaga sa kalusugan, mga unang tumutugon, at mga gobyerno sa buong Estado ay wala pang nakakagawa; at,

SAPAGKAT, sa kabila ng pagsisikap na pigilan ang COVID-19, ang birus ay patuloy na kumalat nang mabilis, na nagreresulta sa patuloy na pangangailangan para sa mga pederal na pamahalaan at Estado na gumawa ng mga makabuluhang hakbang; at,

SAPAGKAT, pinapayuhan ngayon ng CDC na ang mga pantakip sa mukha o mga antipas ay pinoprotektahan ang parehong nagsusuot at ang mga nasa paligid nila mula sa COVID-19; at,

SAPAGKAT, bilang resulta, inirerekomenda ng CDC na magsuot ng mga telang takip sa mukha sa mga pampublikong tagpo kung saan mahirap panatilihin ang pagitan mula sa kapwa-tao; at,

SAPAGKAT, ang pananaliksik at patnubay sa pampublikong kalusugan ay nagpapahiwatig na ang panganib ng transmission sa labas ay mas mababa kaysa sa panganib ng transmission sa loob; at,

SAPAGKAT, ipinapayo ng patnubay sa pampublikong kalusugan na ang pagbawas sa pisikal na pakikipag-ugnayan sa pagitan ng mga tao na hindi naninirahan sa iisang sambahayan ay kritikal upang mabagal ang pagkalat ng COVID-19; at,

SAPAGKAT, habang kumakalat ang COVID-19 sa Illinois sa paglipas ng mga Proklamasyon ng Gobernador para sa Sakuna, ang mga pangyayari na nagdudulot ng sakuna sa buong Estado ay nagbago at patuloy na nagbabago, na ang pagbuo ng mga tiyak na hula sa landas ng birus sa mga darating na buwan ay sadyang napakahirap; at,

SAPAGKAT, noong oras na inilabas ko ang unang Gubernatorial Disaster Proclamation, mayroong 11 na nakumpirma na mga kaso ng COVID-19 sa isang kondehan sa Illinois; at,

SAPAGKAT, sa ngayon, mayroong higit sa 600,000 na kumpirmadong mga kaso ng COVID-19 sa lahat ng 102 na probinsiya ng Illinois; at,

SAPAGKAT, ang unang pagkamatay na naiugnay sa COVID-19 sa Illinois ay inihayag noong Marso 17, 2020; at,

SAPAGKAT, sa ngayon, Nobyembre 18, 2020, higit sa 11,000 na mga residente ng Illinois ang namatay dahil sa COVID-19; at,

SAPAGKAT, mula sa simula, iminumungkahi ng mga pag-aaral na ang bawat kumpirmadong kaso ay may maraming hindi kilalang kaso, ang iba sa kanila ay mga indibidwal na walang sintomas na maaaring magpasa ng birus sa ibang tao nang hindi nalalaman; at,

SAPAGKAT, ang mga bagong kaso ng COVID-19 sa Estado ay tumaas sa mga nakaraang mga linggo, at ang birus ay patuloy na nakakaapekto sa libu-libong mga indibidwal at inaangkin ang buhay ng napakaraming mga taga-Illinois bawat araw; at,

SAPAGKAT, ang pandemya ng COVID-19 ay hindi limitado sa mataong mga lalawigan, at hanggang ngayon, ang mga lalawigan sa lahat ng mga rehiyon ng Estado ay nagpapakita ng makabuluhang pagtaas ng peligro ng COVID-19; at,

SAPAGKAT, nang walang pag-iingat ang COVID-19 ay maaaring kumalat nang mabilis, kahit na sa mga hindi gaanong malaki ang populasyon na lugar; halimbawa, sa Jasper County, ang unang tumutugon na solong nahawaan ay bumisita sa isang tahanan ng pagaaruga na nagpasimula ng serye ng mga impeksyon na nagresulta sa isa sa pinakamataas na antas ng impeksyon sa Estado; at sa katulad na paraan, sa Randolph County, isang solong nahawahan na tao ang dumalo sa isang kaganapan noong kalagitnaan ng Marso na naging dahilan na maranasan ng nasabing probinsiya ang isa sa pinakamataas na antas ng impeksyon ng Estado; at,

SAPAGKAT, maraming mga probinsiya sa buong Estado ang nag-ulat ng higit sa 75 na mga kaso sa bawat 100,000 katao sa nakalipas na 7 na araw; at,

SAPAGKAT, ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Illinois at ng Estado ay nakabuo ng isang plano ng pagpapagaan upang magpalabas ng mga karagdagang pag-iingat kapag ang mga rehiyon ay makamit ang mga tiyak na antas ng peligro; at,

SAPAGKAT, hanggang ngayon, ang lahat ng mga rehiyon ng Estado ay naging dahilan ng mga karagdagang estratehiya sa pagpapagaan; at,

SAPAGKAT, habang ang pag-iingat na ginawa ng mga taga-Illinois ay dating nagpabagal sa pagdami ng mga kaso ng COVID-19 at pagkamatay sa Estado, ang bilang ng mga kaso sa Estado ay muling dumadami nang mabilis; at,

SAPAGKAT, ang COVID-19 ay inangkin ang mga buhay ng at patuloy na nakakaapekto sa kalusugan ng mga Itim at Hispanikong taga-Illinois sa hindi kapani-paniwalang mataas na

bilang – na sumasalamin sa mga makabuluhang pagkakaiba sa kalusugan at hindi pagkakapantay-pantay; at,

SAPAGKAT, habang ang birus ay kumakalat sa buong Illinois, ang krisis na kinakaharap ng Estado ay patuloy na lumalaki at nangangailangan ng isang umuusbong na tugon upang matiyak na ang mga ospital, mga propesyonal sa pangangalaga sa kalusugan at mga unang tumutugon ay magagawang matugunan ang mga pangangailangan sa pangangalaga sa kalusugan ng lahat ng mga taga-Illinois at sa paraang naaayon sa gabay ng CDC na patuloy na binabago; at,

SAPAGKAT, ang mga pagkakaospital ngayon ay muling dumadami; at ang Illinois ay gumagamit ng isang makabuluhang porsyento ng mga kama sa ospital at mga kama ng ICU, at, kung ang mga kaso ng COVID-19 ay patuloy na lolobo, ang Estado ay maaaring harapin ang kakulangan ng mga kritikal na mapagkukunang pangangalaga sa kalusugan; at,

SAPAGKAT, bilang karagdagan sa pagiging sanhi ng malagim na pagkawala ng higit sa 11,000 na mga taga-Illinois at pagpinsala sa pisikal na kalusugan ng sampu-sampung libong iba pa, ang COVID-19 ay nagdulot ng malawakang kawalan sa ekonomiya at patuloy na nagbabanta sa kagalingan ng pananalapi ng isang makabuluhang bilang ng mga indibidwal at mga negosyo sa buong bansa at sa Estado; at,

SAPAGKAT, ang COVID-19 ay naging labis na nakakagambala sa mga paaralan, at kabilang ito sa pinakamataas na priyoridad ng Estado upang matiyak na ang mga mag-aaral ay makakakuha ng isang kalidad na edukasyon at ang mga paaralan ay maaaring magbigay ng isang kapaligiran na ligtas para sa mga mag-aaral, guro, at pamayanan; at,

SAPAGKAT, ang pagsasaalang-alang sa inaasahang mabilis na pagkalat ng COVID-19 at ang patuloy na epekto sa kalusugan at ekonomiya na madarama ng mga tao sa buong Estado, noong Nobyembre 13, 2020, idineklara ko na ang kasalukuyang mga pangyayari sa Illinois na nakapalibot sa pagkalat ng COVID-19 ay bumubuo ng isang emerhensiya sa pandemya at emerhensiya sa pampublikong kalusugan sa ilalim ng Seksyon 4 ng Emergency Management Agency Act ng Illinois;

SAMAKATUWID, sa pamamagitan ng mga kapangyarihang ibinigay sa akin bilang Gobernador ng Estado ng Illinois, alinsunod sa Konstitusyon ng Illinois at mga Seksyon 7(1), 7(2), 7(3), 7(8), 7(9), at 7(12) ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305, at kahanay ng mga kapangyarihan sa mga batas sa kalusugang pampubliko, inuutos ko ang mga sumusunod, simula 12:01 ng umaga ng Biyernes, Nobyembre 20:

Baitang 3 ng Utos ng Pagpapagaan

1. **Ang layunin ng Kautusang Tagapagpaganap na ito.** Ang layunin ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay upang ipatupad ang mahigpit na panukala para sa pampublikong kalusugan na kilala upang mabagal ang pagkalat ng COVID-19 upang itigil ang malakihang paglago ng birus sa buong Estado. Hindi natin maaaring ipagsapalaran ang ating sistemang pangkalusugan, at dapat nating unahin ang kalusugan at buhay ng lahat ng mga taga-Illinois, lalo na ang pinakamahina sa atin. Para sa kadahilanang iyan, layunin ng Kautusang Tagapagpaganap na ito na limitahan ang pagtitipon at hinihikayat ang mga tao na manatili sa tahanan hangga't maaari. Kasabay nito, ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay nagbibigay-daan sa karamihan ng mga industriya upang patuloy na gumana, bagaman sa makabuluhang nabawasan na antas, upang mabawasan ang pagkagambala sa ating ekonomiya at upang payagan ang mga tao na gawin ang kinakailangang mga gawain. Ang layunin ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay upang maisakatuparan ang mga hangarin na iyon.

   Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay papalitan ang Kautusang Tagapagpaganap 2020-43. Ang mga Kautusang Tagapagpaganap na nagpapataw ng mga panukalang batas sa rehiyon ay nananatiling nasa lugar. Kung ang pangunahing patnubay at ang mga Baitang 3 ng mga Pagpapagaan ay nagpapahiwatig ng iba't ibang pamantayan, ang mas mahigpit na pamantayan ay angkop.

2. **Mga kakailanganin sa pampublikong kalusugan para sa mga indibidwal.** Dapat gawin ng mga indibidwal ang mga sumusunod na hakbang sa pampublikong kalusugan upang maprotektahan ang sariling kalusugan at buhay gayun din ang kalusugan at buhay ng kanilang kapitbahay:

    a. **Panatilihin ang pagitan sa kapwa-tao.** Hangga't ang mga indibidwal ay gumagamit ng mga karaniwang espasyo kapag nasa labas ng kanilang tirahan, kasama na kapag nasa labas, dapat na sa lahat ng oras at hangga't posible ay panatilihin nila ang pagitan sa kapwa-tao na hindi bababa sa anim na talampakan mula sa sinumang ibang tao na hindi nakatira sa kanila.

    b. **Magsuot ng takip sa mukha kapag nasa pampublikong lugar o kapag nagtatrabaho.** Ang sinumang indibidwal na higit sa edad na dalawa at may kakayahang tiisin ang takip sa mukha (pantakip o telang takip sa mukha) ay kinakailangan upang takpan ang kanilang ilong at bibig gamit ang takip sa mukha kapag nasa pampublikong lugar at hindi kayang panatilihin ang anim na talampakang pagitan sa kapwa-tao. Ang pangangailangang ito ay naaangkop kung nasa panloob na espasyo, tulad ng isang tindahan, o sa isang panlabas na pampublikong lugar kung saan ang pagpapanitili ng anim na talampakang pagitan ay hindi laging posible.

    c. **Ang mga matatanda at mga taong mahihina dahil sa sakit ay dapat gawin ang karagdagang pag-iingat.** Ang mga taong mataas ang posibilidad na magkaroon ng malubhang karamdaman mula sa COVID-19, kasama na ang mga matatanda at ang may kondisyon sa kalusugan na maaaring magpapahina sa kanila, ay hinihimok na manatili sa kanilang tirahan at bawasan ang pakikipag-ugnay sa ibang tao hangga't maaari.

    d. **Limitahan ang mga pagtitipon.** Ang mga panloob na pagtitipon ng higit sa isang sambahayan ay ipinagbabawal ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, maliban kung hindi sakop ng Kautusang Tagapagpaganap na ito. Ang mga panlabas na pagtitipon ay limitado sa hindi hihigit sa sampung katao. Wala sa Kautusang Tagapagpaganap na ito ang nagbabawal sa pagtitipon ng mga miyembro ng isang sambahayan o tirahan. Dahil ang personal na pakikipag-ugnay ay nagtatanghal ng pinakamalaking panganib ng pagkahawa sa COVID-19, hinihikayat ang mga taga-Illinois na ipagpatuloy ang paglimita sa personal na pakikipag-ugnay sa ibang tao. Ang may distansyang pagtitipon ang ligtas na paraan upang makipag-ugnay sa mga nasa labas ng sambahayan o tirahan.

    e. **Kung saan maaari, isagawa ang mga aktibidad sa labas.** Ang patnubay sa pampublikong kalusugan ay nagmumungkahi na ang mga panganib ng pagkahawa sa COVID-19 ay lubos na nababawasan kapag nasa labas kaysa loob. Kung saan posible, hinihikayat ang mga taga-Illinois na magsagawa ng kanilang mga aktibidad sa labas.

3. **Mga kailanganin para sa pampublikong kalusugan ng mga negosyo, mga hindi pangkalakal, at iba pang mga organisasyon.** Para sa mga layunin ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, ang mga saklaw na negosyo ay anumang pangkalakal, hindi pangkalakal, o pang-edukasyon na entidad, anuman ang likas na katangian ng serbisyo (hindi kabilang ang mga aktibidad sa pagtuturo ng mga institusyon ng K-12, mga kolehiyo, o mga unibersidad), ang tungkulin na ginagampanan nito, o ang pang-lipunan at indibidwal na anyo nito. Ang mga nasabing entidad ay dapat gawin ang mga sumusunod na hakbang para sa pampublikong kalusugan upang maprotektahan ang kanilang mga empleyado, ang kanilang mga parokyano, at lahat ng ibang tao na pisikal na nakikipag-ugnay sa kanila:

    a. **Mga kakailanganin para sa lahat ng negosyo.** Ang lahat ng mga negosyo ay dapat:

- patuloy na suriin kung aling mga empleyado ang maaaring magtrabaho mula sa bahay, at pangasiwaan ang malayong pagtatrabaho mula sa bahay kung posible;
- tiyakin na ang mga empleyado ay pinapanatili ang pagitan sa kapwa-tao at nagsusuot ng mga takip sa mukha kapag ang pagpapanatili ng pagitan sa kapwa-tao ay hindi laging posible;
- tiyakin na lahat ng lugar kung saan ang mga empleyado ay maaaring magtipon, kasama ang mga maliliit na silid at silid-tanghalian, ay maaaring mapanatili ang pagitan sa kapwa-tao; at
- tiyakin na lahat ng mga bisita (mga parokyano, nagtitinda, atbp.) sa lugar ng trabaho ay maaaring magsagawa ng pagitan sa kapwa-tao; ngunit kung ang pagpapanatili ng anim na talampakang distansya ay hindi posible sa lahat ng oras, hikayatin ang mga bisita na magsuot ng mga takip sa mukha;
- nasa 25 porsyento ng kapasidad para sa harapang aktibidad; at,
- mahalagang ipaskil ang patnubay mula sa Illinois Department of Public Health (IDPH) at Opisina ng Pangunahing Abogado ng Illinois patungkol sa kaligtasan sa lugar ng trabaho sa panahon ng emerhensiya ng COVID-19.[1]

Ang Department of Commerce and Economic Opportunity (DCEO), sa pakikipagtulungan sa IDPH, ay nakabuo ng patnubay para sa tiyak na industriya at mga toolkit upang matulungan ang mga negosyo na tumakbo nang ligtas at responsable. Ang mga dokumentong ito ay matatagpuan sa: https://dceocovid19resources.com/restore-illinois/restore-illinois-phase-4/. Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay naglalagay ng karagdagang mga paghihigpit sa industriya ng DCEO, at pinamamahalaan ang gabay ng DCEO kung saan may alitan.

b. **Mga kakailanganin para sa mga tindahan ng tingian.** Dapat tiyakin ng mga tindahan ng tingian na ang lahat ng mga empleyado ay nagsasagawa ng pagpapanatili ng pagitan sa kapwa-tao at dapat magsagawa ng nararapat na karagdagang pag-iingat sa pampublikong kalusugan, alinsunod sa patnubay ng DCEO, na kasama ang:
    - nasa 50 porsiyento ng kapasidad ng tindahan para sa groseri at mga parmasya;
    - nasa 25 porsiyento ng kapasidad ng tindahan para sa ibang tindahan ng tingian, kabilang ang mga tindahan ng pangkalahatang kalakal, mga malalaking tindahan na nagbebenta ng groseri at/o kabilang ang parmasya, at mga convenience store;
    - bigyan ng mga takip sa mukha ang lahat ng mga empleyado; at
    - makipag-usap sa mga parokyano sa pamamagitan ng mga palatandaan sa loob ng tindahan, at mga anunsiyo ng serbisyo sa publiko at mga patalastas tungkol sa mga kailanganin sa pagpapanitili ng pagitan sa kapwa-tao at mga takip sa mukha na nakasaad sa Kautusang ito.

c. **Mga kakailanganin para sa mga maypagawaan**. Dapat tiyakin ng mga maypagawaan na lahat ng kanilang mga empleyado ay panatilihin ang pagitan sa kapwa-tao at dapat gumawa ng naaangkop na karagdagang pag-iingat para sa pampublikong kalusugan, alinsunod sa patnubay ng DCEO, na kasama ang:
    - magbigay ng karagdagang pagsasanay para sa COVID-19 sa mga empleyado, kahit may ibinigay na nakaraang pagsasanay;
    - makipag-ugnayan sa IDPH upang isagawa ang mga protokol sa pagsusuri at contact tracing;

[1] Ang patnubay na ito ay matatagpuan sa: https://www.dph.illinois.gov/sites/default/files/COVID-19_WorkplaceHealth_SafetyGuidance20200505.pdf

- pagbibigay ng mga takip sa mukha sa lahat ng empleyado na hindi kayang panatilihin ang anim na talampakang pagitan sa kapwa-tao sa lahat ng oras;
- tiyakin na lahat ng lugar kung saan ang mga empleyado ay maaaring magtipon, kasama ang mga maliliit na silid at silid-tanghalian, ay maaaring mapanatili ang pagitan sa kapwa-tao;
- payagan lamang ang mga tauhan ng pagmamanupaktura at pangunahing tauhan sa mga pasilidad, habang ang mga hindi tauhan ng pagmamanupaktura ay nagtatrabaho sa bahay hangga't maaari;
- baguhin at bawasan ang mga operasyon (pagsuray sa oras ng trabaho, pagbabawas sa bilis ng linya, pagpapatakbo sa mga linya para mahahalagang bagay, habang nakasara ang mga linya para sa hindi kailangan) sa saklaw na kinakailangan upang payagan ang pagitan sa kapwa-tao at magbigay ng isang ligtas na lugar ng trabaho bilang tugon sa emerhensiya na dulot ng COVID-19;
- repasuhin ang mga patakaran upang matiyak na ang mga manggagawa ay hindi hinihikayat o binibigyan ng insentibo upang pumasok sa trabaho habang may sakit o potensyal na nakakahawa (maaaring kabilang dito ang pag-alis sa attendance-based na insentibo at pagpapatupad sa mga polisiya para sa bayad na bakasyon dahil sa pagkakasakit); at
- bumuo at ipatupad ang mga protokol sa kaligtasan para sa mga sasakyan ng empleyado upang matiyak ang angkop na pagitan, pagsusuot ng mga takip sa mukha, pagsuri sa temperatura, sirkulasyon ng hangin, at kalinisan ng sasakyan.

d. **Mga kakailanganin para sa mga gusali ng tanggapan.** Dapat tiyakin ng mga may-ari sa mga gusali ng tanggapan na lahat ng mga empleyado ay pinapanatili ang pagitan sa kapwa-tao at dapat gumawa ng naaangkop na karagdagang pag-iingat para sa pampublikong kalusugan, alinsunod sa patnubay ng DCEO, na kasama ang:
   - bigyan ng mga takip sa mukha ang lahat ng mga empleyado;
   - nasa 50 porsiyento ng kapasidad ng opisina, at pagsasaalang-alang sa pagpapatupad ng mahigpit na limitasyon sa kapasidad kung saan ang pisikal na espasyo ay hindi malinaw na nagpapahintulot para sa panlipunang distansya;
   - payagan ang telework kung saan posible; at
   - bumuo at mahalagang ipaskil ang mga plano at karatula upang matiyak ang pagitan sa kapwa sa lugar na pinagtitipunan tulad ng mga silid para sa paghihintay, mga tukoy na lugar ng serbisyo, at mga kapiterya.

e. **Mga kinakailangan para sa mga pagpupulong at mga kaganapan.** Ang panloob na mga lugar tulad ng mga silid para sa pagpupulong, mga banquet center, mga pribadong silid ng pagdiriwang, mga pribadong club, mga club sa probinsya, at mga party bus ay ipinagbabawal na magsagawa ng pagtitipon ng anumang laki. Ang mga lugar para sa lamay at serbisyo sa pagbisita ay napapailalim sa patnubay ng IDPH na matatagpuan sa http://www.dph.illinois.gov/covid19/community-guidance/funeral-homes.

f. **Mga kakailanganin para sa mga restawran at mga inuman.** Lahat ng mga negosyo na nag-aalok ng pagkain o inumin na kinukonsumo sa lugar—kabilang ang mga kainan, mga inuman, mga tindahan, at mga bulwagan ng pagkain—ay maaaring hindi payagan ang panloob na pagkonsumo. Pinahihintulutan at hinihikayat ang gayong mga negosyo na maghatid ng pagkain at inumin upang sila ay makonsumo sa labas ng lugar, ayon sa pinahihintulutan ng batas, sa pamamagitan ng mga paraan tulad ng paghahatid sa tirahan, paghahatid ng pangatlong partido, drive-through, at curbside pick-up. Ang mga establisyemento na nag-aalok ng pagkain o mga inumin ay dapat tiyakin na mayroon silang isang

lugar kung saan pinapanatili ng mga parokyano ang sapat na pagitan mula sa kapwa-tao. Lahat ng mga negosyo na sakop sa seksyong ito ay maaaring pahintulutan ang pagkonsumo sa labas ng mga panloob na pagkain at inumin alinsunod sa patnubay ng DCEO at kapag pinahihintulutan ng mga lokal na ordinansa at regulasyon.

g. **Mga kinakailangan para sa mga bahay-tuluyan.** Ang silid ng bahay-tuluyan ay kailangang limitahan sa nakarehistrong mga bisita lamang. Ang mga lunsuran ng kalakasan ay dapat nakasara maliban kung gumagana sa pamamagitan ng reservation at nasa 25 porsiyento lamang ng kapasidad. Ang mga bahay-tuluyan ay hindi maaaring magsagawa ng pagtitipon sa kanilang mga silid para sa pagpupulong, alinsunod sa bawat kinakailangan para sa mga miting at kaganapang nakalista sa itaas. Ang mga restawran at inuman ng bahay-tuluyan ay napapailalim sa mga kinakailangan para sa mga restawran at inuman na inilarawan sa itaas, at maaaring hindi payagan ang pagkonsumo sa espasyo ng restawran o inuman ngunit maaaring mag-alok ng pagkain para sa take-out at room service.

h. **Mga kailanganin para sa mga dyim ng kalakasan ng katawan at ehersisyo.** Ang mga lunsuran at dyim ay dapat nasa 25 na porsiyento ng kapasidad, kailanganin ang mga reserbasyon (na maaaring kinabibilangan ng walk-up na reserbasyon) upang matiyak na limitado ang kapasidad, at maaaring hindi magsagawa ng mga klase sa loob. Ang mga takip sa mukha ay dapat isinusuot sa lahat ng oras sa loob ng lunsuran at dyim. Ang mga locker room ay dapat sarado maliban kung pinahihintulutan ng patnubay ng DCEO.

i. **Mga kakailanganin para sa mga pasilidad ng pansariling serbisyo.** Ang mga personal na pasilidad tulad ng spa, salon ng buhok, barberya, salon ng kuko, waxing center, mga tattoo parlor, at katulad na mga pasilidad ay maaaring bukas ngunit dapat ay hindi hihigit sa 25 porsyento ng kapasidad. Ang mga personal na pasilidad ay dapat siguraduhin na ang paggamit ng mga takip sa mukha sa lahat ng oras, at dapat suspindihin ang mga serbisyo kung saan ang takip sa mukha ay hindi maaaring isuot. Ang massage therapy o mga body treatment ay pinapayagan bilang tinutubos na kinakailangan ng isang medikal na tagapagbigay, ngunit ang mga appointment ay dapat paghiwalayin sa pamamagitan ng isang minimum na 15 minuto at mga pasilidad ay dapat gumawa ng mga hakbang upang i-sanitize at ayusin ang sirkulasyon ng hangin sa mga silid ng serbisyo bago at pagkatapos ng bawat serbisyo.

j. **Mga kailanganin para sa panlabas na libangan, mga kampamyento para sa araw ng kabataan, at mga palaro para sa kabataan.** Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay ipinagbabawal ang panloob na palaro at mga aktibidad ng libangan kabilang ang mga libangan at para sa kabataan na palaro (gaya ng mga liga sa parke at paglalakbay na liga) at bowling. Ang mga panlabas na palaro at libangan ay pinapayagan sa mga grupo na mas malaki kaysa sampu, ngunit dapat tiyakin ang paggamit ng mga takip sa mukha, pagsunod sa mga kailanganin para sa pagitan sa kapwa-tao, at dapat sumunod sa ibang hakbang para sa pampublikong kalusugan alinsunod sa patnubay ng DCEO.

k. **Mga kinakailangan para sa mga lugar ng pampublikong libangan.** Ang mga lugar ng panloob na pampublikong libangan at panloob na libangan (kabilang ang ngunit hindi limitado sa mga arcade, panloob na driving range, museo at mga aquarium, mga teatro at gumaganap ng sining, mga kaganapan na may maraming manonood, at mga casino at paglalaro), ay ipinagbabawal ang operasyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito. Ang mga panlabas na aktibidad ng libangan ay limitado sa 25 porsyento ng kapasidad, na may pagsunod sa pagsusuot ng takip sa mukha at mga kinakailangan sa pagitan mula sa kapwa-tao. Ang mga reserbasyon ay kinakailangan para sa mga panlabas na aktibidad ng libangan, at

anumang grupo para sa mga gawain sa labas ay dapat limitahan sa hindi hihigit sa sampung tao.

l. **Mga kinakailangan sa paggawa ng pelikula.** Maaaring tumakbo ang paggawa ng pelikula na may mga paghihigpit na nakapaloob sa gabay ng DCEO.

m. **Pinakamababang pangunahing operasyon.** Ang lahat ng mga negosyo ay maaaring magpatuloy sa:

i. Magsagawa ng mga kinakailangang aktibidad upang mapanatili ang halaga ng imbentaryo ng negosyo, mapanatili ang kondisyon ng pisikal na planta ng negosyo at kagamitan, tiyakin ang seguridad, iproseso ang mga suweldo at benepisyo ng empleyado, o para sa mga kaugnay na tungkulin.

ii. Magsagawa ng mga kinakailangang aktibidad upang gabayan ang mga empleyado ng negosyo na makapagpatuloy na magtrabaho nang malayuan.

iii. Tuparin ang mga online o panteleponong tingiang order sa pamamagitan ng pagdampot o paghahatid.

4. **Mga iksemsyon.**

a. **Libreng paggamit ng relihiyon.** Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay hindi nililimitahan ang libreng paggamit ng relihiyon. Upang maprotektahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga pinuno ng pananampalataya, kawani, mga nagtipon-tipon at mga bisita, ang mga samahang pangrelihiyon at mga bahay ng pagsamba ay mahigpit na hinihikayat na kumonsulta at sundin ang inirekomendang mga kaugalian at patnubay mula sa Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Illinois.[2] Tulad ng nakalagay sa mga alituntunin ng IDPH, ang pinakaligtas na kasanayan para sa mga relihiyosong samahan sa oras na ito ay ang magbigay ng mga serbisyo gamit ang internet, sa drive-in na ayos, o sa labas (at naaayon sa mga kailanganin para sa pagitan mula sa kapwa-tao at patnubay patungkol sa pagsusuot ng mga takip sa mukha), at limitahan ang pagsisilbi sa 10 katao. Mahigpit na hinihikayat ang mga samahang pang-relihiyon na gumawa ng mga hakbang upang matiyak ang pagitan sa kapwa-tao, ang paggamit ng mga takip sa mukha, at pagpapatupad ng iba pang hakbang para sa pampublikong kalusugan.

b. **Mga tungkulin sa oras ng kagipitan.** Ang lahat ng mga pangunahing tagatugon, mga pang-emerhensiyang tauhan ng pamamahala, mga pang-emerhensiyang despatsador, mga tauhan ng korte, mga nagpapatupad ng batas at mga tauhan ng pagwawasto, mga tagatugon para sa mapanganib na materyales, mga tauhan para sa proteksyon at kapakanan ng bata, mga tauhan ng pabahay at tirahan, militar, at iba pang mga empleyado ng gobyerno na nagtatrabaho o sumusuporta sa emerhensiyang tugon ay hindi saklaw ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, ngunit hinihikayat na magsagawa ng pagitan sa kapwa-tao at gawin ang mga inirekumendang hakbang para sa pampublikong kalusugan.

c. **Mga tungkulin ng pamahalaan.** Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay hindi nalalapat sa pamahalaan ng Estados Unidos at hindi nakakaapekto sa mga serbisyong ibinigay ng Estado o anumang sinumang munisipalidad, bayan, probinsiya, pangkat o ahensya ng gobyerno ay kinakailangang tiyakin ang patuloy na pagpapatakbo sa mga ahensya ng gobyerno o magbigay ng o suportahan ang kalusugan, kaligtasan at kapakanan ng publiko.

[2]Ang patnubay na ito ay matatagpuan sa: https://www.dph.illinois.gov/covid19/community-guidance/places-worship-guidance

d. **Mga pagpapaandar na nauugnay sa eleksyon.** Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay hindi angkop sa mga aktibidad na may kaugnayan sa Pangkalahatang Halalan noong Nobyembre 2020, kabilang na ang pulong sa Disyembre 14, 2020 ng Illinois Presidential Electors bilang bahagi ng Electoral College. Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay hindi angkop sa mga township caucus at multi-township district caucus, *tingnan* ang 60 ILCS 1/45, at mga municipal caucus, *tingnan* ang 10 ILCS 5/10. Ang mga pangkalahatang pamamaraan na may kaugnayan sa pampublikong kalusugan para sa Pangkalahatang Halalan 2020 ay dapat sundin para sa mga caucus na ito bilang naangkop. *Tingnan* ang Patnubay ng Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Illinois para sa Pag-iwas sa Pagkalat ng COVID-19 sa Mga Lokasyon sa Pagboto sa Eleksyon, na matatagpuan sa https://www.dph.illinois.gov/2020election. Walang anuman sa Kautusang Tagapagpaganap na ito ang nagbabawal sa mga caucus na gawin online, at ang mga taga-ayos ng caucus ay hinihikayat na isagawa ang virtual na pagdalo, na magtipon sa labas, at kailangang sundin ang lahat ng Kinakailangan sa Pagitan Mula sa Kapwa-Tao.

5. **Mga Kailanganin ng Pagitan sa Kapwa-Tao, Takip sa Mukha, at PPE**. Para sa mga layunin ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, ang pagitan sa kapwa-tao ay kasama ang pagpapanatili ng hindi bababa sa anim na talampakang distansiya mula sa ibang indibidwal, paghuhugas ng kamay gamit ang sabon at tubig nang hindi bababa sa dalawampung segundo hangga't maaari o paggamit ng hand sanitizer, magtakip pag umuubo o bumabahing (sa manggas o siko, hindi kamay), palagiang paglilinis sa mga ibabaw na kadalasang hinahawakan, at hindi pakikipagkamay.

   a. **Mga kinakailangang hakbang.** Ang mga negosyo ay dapat magsagawa ng mga aktibong hakbang upang matiyak ang pagsunod sa mga kakailanganin sa pagitan sa kapwa-tao, kabilang kung saan posible:

      i. **Magtalaga ng anim na talampakang distansiya.** Ang pagtatalaga ng signage, patse, o iba pa ay nangangahulugan ng anim na talampakang puwang para sa mga empleyado at parokyano upang mapanatili ang naaangkop na distansya;

      ii. **Ang hand sanitizer at mga produkto para sa sanitasyon.** Ang pagkakaroon ng hand sanitizer at mga produkto para sa sanitasyon na madaling magamit para sa mga empleyado at parokyano;

      iii. **Paghiwalayin ang mga oras ng operasyon para sa mga mahihinang populasyon.** Ang pagpapatupad ng hiwalay na oras ng operasyon para sa mga matatanda at mahihinang parokyano;

      iv. **Ang online at malayuang pagggamit.** Ang pag-post sa online kung bukas ang isang pasilidad at kung paano maabot ang pasilidad sa pinakamahusay na paraan at magpatuloy ng mga serbisyo sa pamamagitan ng telepono o malayuan; at,

      v. **Mga Takip sa Mukha at PPE.** Ang pagbibigay sa mga empleyado ng mga takip sa mukha at pag-utos sa kanila na magsuot ng mga takip sa mukha kung saan ang pagpapanatili ng anim na talampakan na pagitan sa kapwa-tao ay hindi posible sa lahat ng oras. Kapag pinapahintulutan ng kalagayan ng trabaho, ang pagbibigay sa mga empleyado ng ibang PPE bilang karagdagan sa mga takip sa mukha.

6. **Pagpapatupad**. Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay maaaring ipatupad ng Estado at lokal na pagpapatupad ng batas alinsunod sa, *inter alia*, Seksyon 7, Seksyon 15,

Seksyon 18, at Seksyon 19 ng Illinois Emergency Management Agency Act, 20 ILCS 3305.

Ang mga negosyo ay dapat sumunod sa mga patnubay na ibinigay o inilathala ng Kagawaran ng Komersyo at Oportunidad ng Ekonomiya hinggil sa mga hakbang sa kaligtasan sa panahon ng Yugto IV, at ang Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng Illinois, mga lokal na kagawaran ng pampublikong kalusugan, at ang Kawanihan ng Karapatan sa Lugar ng Trabaho ng Office of the Illinois Attorney General tungkol sa mga Kinakailangan para sa Pagitan sa Kapwa. Alinsunod sa Seksyon 25(b) ng Whistleblower Act, 740 ILCS 174, ipinagbabawal ang paghihiganti ng mga negosyo laban sa isang empleyado para sa paglalahad nito ng impormasyon kung saan ang empleyado ay may makatuwirang dahilan upang maniwala na ang impormasyon ay nagbubunyag ng paglabag sa Kautusang ito.

7. **Walang limitasyon sa awtoridad.** Walang anuman sa Kautusang Tagapagpaganap na ito, sa anumang paraan, ay magbabago o magbago ng anumang umiiral na legal na awtoridad na nagpapahintulot sa Estado o anumang probinsiya, o lokal na katawan ng pamahalaan na mag-utos (1) anumang pagkuwarentenas o pagbubukod na maaaring mangailangan ng isang indibidwal na manatili sa loob ng isang partikular na tirahan o medikal na pasilidad sa loob ng limitadong panahon, kabilang ang tagal ng emerhensiya sa pampublikong kalusugan, o (2) anumang pagsara ng isang tukoy na lokasyon para sa isang limitadong panahon, kabilang ang tagal ng emerhensiya sa pampublikong kalusugan. Walang anuman sa Kautusang Tagapagpaganap na ito ay maaaring ibigay bilang paggamit ng anumang awtoridad upang mag-utos ng anumang pagkuwarentenas, pagbubukod, o pagsasara. Walang anuman sa Kautusang Tagapagpaganap na ito, sa anumang paraan, ay magbabago o magbago ng anumang umiiral na legal na awtoridad na nagpapahintulot sa isang probinsiya o lokal na katawan ng pamahalaan na gumawa ng mga probisyon na mas mahigpit kaysa sa mga nasa Kautusang Tagapagpaganap na ito.

8. **Sugnay ng pagtatapos**. Kapag anumang probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito o aplikasyon nito sa sinumang tao o pangyayari ay hindi wasto ayon sa anumang korte ng karampatang hurisdiksyon, ang kawalang-bisa na ito ay hindi nakakaapekto sa anumang probisyon o aplikasyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, na maaaring bigyang bisa nang wala ang imbalidong probisyon o aplikasyon. Upang makamit ang layuning ito, ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay idineklarang mabigat. Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay inilaan na basahin nang regular sa anumang utos ng Korte hinggil sa Kautusang Tagapagpaganap na ito.

_____

JB Pritzker, Gobernador

Inisyu ng Gobernador Nobyembre 18, 2020
Isinalin ng Kalihim ng Estado Nobyembre 18, 2020